# *CHRIS JIL R. BENITEZ*

Si Christian Jil R. Benitez ay kasalukuyang nagtuturo sa Kagawaran ng Filipino sa Pamantasang Ateneo de Manila, kung saan niya natapos ang programang AB-MA Panitikan (Filipino). Nagawaran ang kanyang mga tula sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, Maningning Miclat Poetry Awards, at Talaang Ginto, kung saan hinirang siya bilang Makata ng Taon 2018.

# SAPAGKAT NANGUNGULILA<br>LANG TALAGA AKO SA ILANG KAIBIGAN<br>AT BAGAMAN ALAM KONG HINDI<br>NILA ITO MABABASA,<br>NARITO PA RIN ANG ILANG BALITA

Mas matagal na yata ang panahong iginugugol ko sa biyahe pauwi
Kaysa matulog sa gabi. Nalilimutan ko na rin pala kung minsan
Ang mananghalian. Ngunit naniniwala pa rin naman ako sa diyos
Sa palagay ko, ngunit hindi na yata sa ganoong paraan. O maaari
Kung makikinig ka nang mabuti, maririnig na yata ako sa hangin,
Ngunit maaari lamang, at hindi ko tiyak. Hindi ko na rin maalala
Ang huling panaginip ko, at kung may kulay ba ito, at kung ganoon
Ay bakit. Ang mabuting balita naman ay hindi ako mamamatayan
Ng halaman, dahil hindi pa rin naman ako nag-aalaga ng halaman.
Mas madalas nang magpagupit ng buhok ngunit mas madalang na
Akong manood ng pelikula, at madalas, nanonood pang nakakatulog
Mag-isa. Namimisikleta pa rin ako kung minsan, at kung minsan,
Hindi. Nakapagsasalita pa rin naman ako. At dahil tulog nga ako
Sa pagtulog, hindi ko na tiyak kung natutulog pa rin ako nang nakapikit.